

- Layunin:
 1. Upang makapaghanda bilang isang pamilya sa pagdiriwang ng piyesta ng parokya/bayan sa loob panahon man ng Enhanced Community Quarantine (ECQ)
 2. Upang mapalalim ang pagkaunawa sa kahulugan ng tunay na ibig sabihin ng pagdiriwang ng piyesta.
- Ihanda:
 - Altar (krusipiho, bibliya, kandila)
 - Larawan, kung mayroon, ng santong patron
 - Mga piraso ng makukulay na papel hugis triangle/banderitas, isa kada miyembro (kung walang makulay na papel ay kahit ordinaryong papel na lang)
 - Ilang piraso ng papel (ID size ang laki) na puwedeng pagsulatan ng pangalan
 - Tali (packing straw o manipis na lubid o kahit anong puwedeng pagsabitan), 1-2 metro ang haba
 - Panulat (sana'y meron kada miyembro)
- Iminumungkahi na gawin ang sesyon na ito sa bisperas ng piyesta, o kaya'y 2-3 araw bago magpiyesta.
- **Note Para sa Pastoral Worker:** Maaari nyo pong ipamahagi ang kopyang ito sa mga pamilya sa loob ng inyong parokya bilang pakikiisa nila sa pagdiriwang ninyo ng piyesta kahit sa panahong ito ng quarantine.

PANIMULA

Simulan sa isang maikling panalangin.

+ Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo.
Mapagmahal naming Diyos, maraming salamat po sa inyo sa pagtitipon mo sa amin dito ngayon bilang isang pamilya. Salamat sa patuloy Mong pangangalaga sa aming lahat. Sa pagtitipon namin ngayon dito sa Iyong harapan, samahan po ninyo kami upang sama-sama, sa kabila man ng home quarantine, ay mapaghandaan namin ang nalalapit na selebrasyon namin ng piyesta. Ito po'y hinihiling namin sa ngalan ni Hesukristo na aming Panginoon. Amen.

PAMBUNGAD

Buwan na naman ng Mayo. At kapag buwan ng Mayo, karaniwan nang marami sa ating mga parokya/bayan ang nagdiriwang ng piyesta. Kada bayan/siyudad/probinsya ay may santong patron na pinarangalan. Ang piyesta ay isa sa mga popular na selebrasyon na ating pinaghahandaan taon-taon.

Pano ba tayo nagdiriwang ng piyesta? Ano ang mga naalala ninyong paghahanda?

(Maaaring humingi muna sa kanila ng mga sagot para sila may pagkakataong makibahagi, saka idagdag ang ilang mga puntos sa ibaba bilang pagpupuno sa kanilang mga sagot.)

Karaniwan, ilang linggo bago sumapit ang piyesta ay may paghahanda nang nangyayari. Isang palatandaan na papalapit na ang piyesta ay ang pagsasabit sa kalsada ng banderitas. Kapag nakita mo na iyang nakasabit, alam mo malapit na ang piyesta. Kada-bahay ay nag-iisip na ng pagkaing ihahanda, ng pag-aayos ng bahay, ng pag-iisip kung sino ang mga kukumbidahin.

Sino-sino na nga ang ating karaniwang mga bisita? Na marahil ay siya rin nating kukumbidahin sana sa taong ito?

Bigyan sila ng piraso ng papel kung saan nila isusulat ang mga pangalang karaniwan nilang bisita. Babanggitin nila ito nang malakas habang inilalagay ang papel sa isang bakanteng silya na nasa kanilang harapan.

Sa sentro naman (parokya o bayan), iba-ibang programa na ang hinahanda. May mga palabas, sayawan, pa-contest at iba pa. At sa simbahan, may espesyal na misang inihahanda bilang parangal sa santong patron. At sa hapon o gabi, o minsan din ay sa madaling araw, isang prusisyon ng santong patron ang lilibot sa bayan na may kasama pang banda ng musiko.

Pero paano na ngayong taon? Ngayong panahon na hindi naman tayo puwedeng magsama-sama dahil sa loob lang tayo dapat ng bahay? Ngayong panahon na medyo tipid nga tayo sa paggastos? Ibig sabihin ba ay wala na ring piyesta?

PAGNINILAY

Bakit nga ba tayo nagdiriwang ng piyesta?

Bukod sa ito ay isang okasyon para tayo makapagsama-sama at patuloy na buhayin ang magandang katangian na ito ng ating kultura't tradisyon, ito ay panahon din para parangalan natin ang ating santong patron. Sino na nga ang santong patron natin? (*Hintayin silang sumagot.*)

Bago natin pag-usapan ang tungkol sa kanya ay bumaling muna tayo sa Salita ng Diyos.

Basahin ang ebanghelyo ayon kay San Juan 1: 7-8.

⁷Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at upang ang lahat ay sumampalataya sa pamamagitan niya. ⁸Hindi siya ang ilaw subalit naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw.

Saglit na katahimikan ...

Kapag sinabi nating santo, ano ba ang ibig sabihin nuon? Sa ating Katolikong simbahan, ang katawagang santo o banal ay tumutukoy sa isang taong pormal na na-canonize ng simbahan at pinaniniwalaan nating nasa langit na dala ng biyaya ng Diyos. Ayon sa *Catechism of the Catholic Church Chapter 2, Article 1, 61, "The patriarchs, prophets, and certain other Old Testament figures have been and always will be honored as saints in all the church's liturgical traditions."* Pero bukod sa kanila, naniniwala rin ang ating simbahan na meron ding tayo mga iba pang santo na wala namang pormal na seremoya ng pagka-canonize na naganap pero dala ng kanilang banal na pamumuhay ay atin ding nagiging huwaran – halimbawa, ang ating mga magulang, kapatid, lolo, lola, kaibigan, at iba pa.

Para sa maraming mga Pilipino, mahalaga ang piyesta dahil inaalala natin ang huwaring pamumuhay ng ating santong patron. Sa dulot na inspirasyon ng kanilang naging pamumuhay, tayo rin ay na-eengganyo na mamuhay nang tulad nila, o kahit man bahagi ng kanilang naging pamumuhay. Hindi sila ang sentro, hindi sila ang bida kundi sila ang daan para natin mas makilala ang Diyos at mapalapit sa Kanya. Naniniwala rin tayo na sa pamamagitan nila at sa tulong nila ay nailalapit natin sa Diyos ang ating mga sitwasyon at kalagayan.

Balikan natin ang ating Santong Patron. Ano ang pagkakakilala natin sa kanya? Sino ba sya?

(Sa bahaging ito, pwedeng magpalitan ng mga kuwento kung ano ang pagkakakilala natin sa kanya. Kung sakaling may internet o iba pang resources, maganda kung makakapagbasa ka ng kwento tungkol sa kanya na puwede mong ikwento sa iyong pamilya sa bahaging ito.)


Pagkatapos ng bahaginan ...

Anong mga natatanging katangian meron ang ating santong patron? *Banggitin.*

Mula sa mga katangiang ito, anong katangian kaya nya ang pwede nating gayahin sa ating buhay? Isang katangiang hinahamon tayong isabuhay lalong-lalo na ngayong panahong ito? Paano natin gagawing buhay ang katangiang ito sa ating pamilya? O para sa ating kapitbahay?

Halimbawa:

- Madasalin – ipagdarasal ko sa isang natatanging paraan ang kada miyembo ng aking pamilya, isang miyembro kada araw; o kaya dadagdagan ko ang oras ko ng pagdarasal
- Mapagbigay – ibabahagi ko sa aking kapitbahay ang aming pagkain
- Mapagmalasakit – tatanungin ko ang miyembro ng aking pamilya o ang aking kapitbahay kung ano ba ang kanyang/kanilang pangangailangan; magte-text ako sa kanila para sila kamustahin
- At iba pa




(saglit na katahimikan ...)

Ngayo'y isulat natin ang katangiang ito sa isang makulay na papel (hugis triangle/banderita).

Pagkatapos maisulat ay hilingan ang bawa't isang miyembro na ibahagi sa lahat ang kanyang isinulat – ang katangian + paano ito gagawing buhay ngayon.

Pagkatapos ng bahaginan ay ikabit isa-isa ang mga papel sa nakalaang tali.



PANALANGIN

Diyos naming Ama, maraming salamat sa iyo sa pagbibigay mo sa amin ng aming santong patron na si _____, huwaran namin sa pamumuhay nang pagiging malapit sa Iyo at buhay-paglilingkod. Hindi man naming maipagdiriwang nang sama-sama bilang isang komunidad ang aming piyesta, alam naming magagawa pa rin naming maipagdiwang ang mas malalim na diwa ng aming piyesta sa pamamagitan ng pagsasabuhay namin ng katangiang ipinamalas niya sa amin. Samahan nyo po kami sa pagsasabuhay namin nito. Dalangin namin ito sa Iyo, sa tulong ng aming santong patrong si _____.

Amen.
+ Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo.



Kung may akmang awit na patungkol sa santong patron, maaaring awitin ito sa bahaging ito.

(Kung wala naman ay umawit ng isang masaya-sayang awitin na alam ng lahat.).

Isabit ang banderitang ito sa harapan ng pintuan pagkatapos.

Maligayang Piyesta!